**ICT Aralin 15**

# PAGGAWA NG DIAGRAM NG ISANG PROSESO GAMIT ANG WORD PROCESSING TOOL

**I. NILALAMAN:**

Ang ***word processor o word processing application*** ay isang software na tumutulong sa paglikha ng mga tekstuwal na dokumento, sa pag-eedit at pag-save ng mg ito sa computer file system.

Ang ***diagram*** ay mga hugis na naglalaman ng mga impormasyon hinggil sa isang bagay o proseso. Ito rin ay tinatawag nating graph. Noon hindi pa uso ang paggamit ng computer, ang mga diagram ay mano-manong nililikha, ngayong makabagong panahon, maaari nang gamitin ang computer upang gumawa ng diagram gamit ang word processing tool.

**II. LAYUNIN:**

1. Naipaliliwanag ang gamit ng diagram at word processing tool.
2. Nakagagawa ng diagram ng isang proseso gamit ang word processing tool.
3. Natutukoy ang kahalagahan ng diagram gamit ang word processing tool.

**III.PAKSANG ARALIN:**

**Paksa:** Nakagagawa ng diagram ng isang proseso gamit ang word processing tool.

**Sanggunian:** Modyul at Aralin
K to 12 - EPP5IE-0f-15

**Kagamitan:** powerpoint presentation, computer, word processing tool, mga larawan

**IV. PANIMULANG PAGTATASA**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang tungkol sa paggawa ng diagram gamit ang word processing tool sa LM.

**V. PAMAMARAAN:**

**A. PAGGANYAK**


1. Ipasagot sa mga mag-aaral ang *Picture Puzzle* sa Alamin Natin sa LM.
2. Ipasagot ang mga panggabay na tanong sa Alamin Natin sa LM.

- Panggabay na Tanong:
  - Ano ang iyong sagot sa dalawang *Picture Puzzle*
  - Magbigay ng mga halimbawa para sa dalawang uri ng impormasyong ito?

3. Tanggapin ang lahat ng sagot ng mga mag-aaral
4. Iugnay ang kanilang mga sagot sa paksang tatalakayin: Paggawa ng Diagram gamit ang Word Processing Tool.

**B. PAGLALAHAD**

1. Nasubukan mo na bang gumawa ng isang diagram ng proseso gamit ang Word Processing Tool?
2. Ano nga ba ang diagram? Ano naman ang alam mong word processing tool?
3. Ipakita ang halimbawa ng isang diagram ng isang proseso.




4. Ipagawa ang Linangin Natin sa LM. Gabayan ang mga mag-aaral sa paggawa ng diagram gamit ang word processing tool.

   Gawain A: Paggawa ng List Diagram
   Gawain B: Paggawa ng Process Diagram
   Gawain C: Paggawa ng Cycle Diagram
   Gawain D: Paggawa ng Hierarchy Diagram

5. Bigyang diin ang kaisipan sa Tandaan Natin sa LM.

## VI. PAGTATAYA

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod.

1. Pasagutan ang Subukin Mo sa LM.
2. Pasagutan ang Kaya Mo Na Ba sa LM.

## VII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN

Gumawa ng diagram ng isang proseso batay sa mga sumusunod:

Proseso ng Paglalaba

Proseso ng Pagsasaing ng Kanin

Proseso ng Paghuhugas ng Plato